PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 27 AUGUST 29 - SEPTEMBER 4, 2022 10.00

# CAVITE PROVINCIAL GOVERNMENT CONFIRMS NO CHALLENGERS FOR THE SANGLEY POINT INTERNATIONAL AIRPORT PROJECT

**The Provincial Government of Cavite has confirmed that there were no challengers or interested companies that registered and purchased the bid documents for the Competitive Challenge Process of the Sangley Pont International Airport (SPIA) Project. The deadline for registration of potential challengers and purchase of the bid documents was already set.**

In order to validly participate in the Competitive Challenge, challengers were required to register, submit there expressions of interest, sign the prescribed form of the non-disclosure agreement, and pay the non-refundable participation fee or cost of the bid documents on or before the set deadline.

The Competitive Challenge is mandatory process under the PPP Code of the Province of Cavite that is designed to solicit comparative proposal from other potential proponents as counterbids to the Unsolicited Proposal submitted by the SPIA Development Consortium, the Original Proponent of the Project.

Under the rules of the Competitive Challenge, the PPP-Selection Committee can recommend to the Provincial Governor the award of the Project to the Original Proponent in case there were no challengers.

## CAVITE REMAINS PROACTIVE IN STRENGTHENING TOURISM WORKFORCE

Trece Martires City – In its commitment to achieve a competitive tourism industry, the Provincial Government of Cavite, through the Provincial Tourism and Cultural Affairs Office (PTCAO) in collaboration with the Department of Tourism Region IV-A, capacitated local travel agencies and tour operators on planning, developing, and marketing tour packages during the Tour Package Development Training held on August 15-16, 2022 at the Ceremonial Hall of the Provincial Capitol Building.



Focusing on the role of tour operators and the component of tour packages, DOT Master Trainor Dr. Reynaldo Jordo provided effective mechanisms for travel agencies in order to stay competitive in the market. Dr. Jorda said, “Cheap things are never good, good things are never cheap,” reminding participants the value of delivering service beyond clients expectations and creating more meaningful experiences.



The activity oriented the participants on the phases of the tour operations cycle and different marketing strategies. Towards the end of the program, the participants presented tour packages that they have thematically created for specific target markets. In Cavite, three organizations of travel agencies and tour operators are recognized by the PTCAO and DOT IV-A namely, Cavite Travel and Tours Association (CTTA), National Association of Independent Travel Agencies (NAITAS)-Cavite, and Cavite Alliance of Independent Tour Operators (CAITO). These stakeholders remained resilient and continuously provide support to uplift the tourism industry.

# BUONG SUPORTA PARA SA MGA MALILIIT NA NEGOSYO




Buo ang suporta na ibibigay ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr upang muling mapasigla ang mga Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) sa bansa, na ayon sa kanya ay higit na makakatulong sa pagbangon ng ekonomiya, paglikha ng maraming trabaho, at pagtugon sa kahirapan.

Ito ang tiniyak ni Pangulong Marcos sa ginanap na MSME Summit noong Biyernes, Agosto 26, kung saan binigyang diin niya na ang pagpapasigla sa sektor ng mga maliliit na negosyo ang isa sa mga prayoridad sa ilalim ng kanyang administrasyon.

Sinabi ni PBBM na ang MSME summit ay isang magandang pagkakataon para sa mga negosyo sa pagbuo ng angkop na plataporma para sa pagharap sa mga estratehiya kung paano muling pasiglahin ang mga MSME sa ilalim ng bagong normal.

Magiging daan din ito para sa gobyerno at pribadong sektor na humanap ng mga paraan upang magtulungan, na matiyak ang isang 'enabling at sound environment' para sa pagbangon ng MSMEs ng bansa, na bahagi ng backbone ng ekonomiya.

Higit dalawang taon nang tumama ang pandemya, sinabi ng Pangulo na panahon na ngayon para makabuo ng mga 'pandemic-proof strategies' na magpapahintulot sa paglago ng mga lokal na negosyo at magbigay ng mga de-kalidad na produkto at serbisyo sa mga mamimili.

“Indeed, the success of our MSMEs is crucial to fortifying the foundation of our economy. From this end, it is my assurance [that] we will continue to stand by your side, walk down the same road no matter the circumstances,” pahayag ng Pangulo.

Ipinahayag din niya ang kanyang suporta para sa MSME Development Council na pinamumunuan ng Department of Trade and Industry (DTI) sa pagbalangkas at pagpapatupad ng hakbang upang mapabuti ang limang pangunahing larangan ng negosyo: klima ng negosyo, pag-access sa pananalapi, pamamahala at paggawa, pag-access sa teknolohiya at pagbabago, at pag-access sa merkado.

Binigyang diin ni Pangulong Marcos na ang mga ito ang magbibigay-daan sa bansa na magbigay ng bagong buhay sa mga MSME nito at tulungan silang sumulong sa mas matatag at maunlad na kinabukasan.

# BAGONG MULTI-PURPOSE BUILDING SA CARMONA, PINASINAYAAN




Pinasinayaan nitong Huwebes ang bagong Atty. Benjamin B. Loyola Multi-Purpose Building sa Barangay Milagrosa, na matatagpuan sa bayan ng Carmona, sa pangunguna nina Congressman Roy M. Loyola at Mayor Dahlia Loyola.

Inaasahan ng lokal na pamahalaan ng Carmona na makapagbibigay ng malaking tulong ang bagong pasilidad sa mga mamamayan nito.

“Isang taos-pusong pasasalamat sa mga lahat ng nagtulong-tulong upang maging posible ang pagtayo ng bagong multi-purpose building na ito. Ito po ay malaking tulong sa Sangguniang Barangay ng Milagrosa upang makapagbigay ng makabuluhang serbisyo publiko hindi lamang sa mga taga-Milagrosa kundi pati sa ating mga kababayan,” saad ni Mayor Dahlia Loyola.

“Asahan po ninyo ang iba pang infrastructure projects para sa mas maunlad na Bayan ng Carmona,” dagdag pa niya.

Source: Dr. Dahlia A. Loyola

ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com



## One egg a day lang po!

### Payo ni Doc Willie Ong

Marami ang nagtatanong kung ilang itlog ang puwede nilang kainin?

May magandang balita at hindi magandang balita tungkol sa itlog. Ang itlog ay may protina, vitamin B12, vitamin D, riboflavin at folate. Mabuti ito sa katawan at masustansya.

Ngunit sa kabilang banda ay may 213 milligrams ng kolesterol ang isang pula ng itlog. Mataas ito sa kolesterol dahil ang rekomendasyon ng American Heart Association ay huwag kumain ng lampas sa 300 milligrams ng kolesterol sa isang araw.

Sari-sari ang opinyon tungkol sa itlog. Ngunit ang sasabihin ko ngayon ay ang deklarasyon ng mga doktor ng American Heart Association at Philippine Heart Association. Heto ang payo namin:

1. Kung ika'y malusog, walang sakit sa puso, diabetes o problema sa kolesterol, puwede kang kumain ng 1 itlog sa isang araw. Mag-ingat lang sa mga kasamang pagkain ng itlog tulad ng hotdog, bacon at tocino. Piliin ang boiled egg kaysa sa pritong itlog.

2. Kung ika'y may sakit sa puso, diabetes o mataas ang kolesterol, kailangan limitahan mo ang pagkain ng itlog sa 3 itlog lang sa isang linggo. Kung gusto mo kumain ng itlog, mas mabuti ang puti ng itlog na lang ang kainin at huwag na ang pula o egg yolk. Nasa egg yolk kasi ang kolesterol.

3. Eat eggs in moderation. Sa kahit anong bagay ay dapat hinay-hinay lang ang pagkain. Kapag sinobrahan mo ang isang bagay, puwede itong makasama sa iyo.

Ano ang mangyayari kapag kumain nang maraming itlog?

Ayon sa mga pagsusuri, ang pagkain ng lampas sa 1 itlog sa isang araw ay puwedeng magdulot ng bara sa ugat ng puso at panghihina ng puso.

Para sa akin, hindi ko maipapayo ang pagkain ng lampas sa 1 itlog sa isang araw. Kailangan ay balanse ang ating diyeta. Kumain ng (1) gulay, (2) prutas at (3) isda.

Masustansya ang gulay tulad ng kangkong, malung-gay, carrots at kalabasa. Sa mga prutas, sagana sa bitamina ang saging, suha at mansanas. Sa isda na-man, mabuti sa katawan ang sardinas, tuna at ba-ngus belly.

Kaibigan, gulay, prutas at isda lang talaga ang ma-sasabi kong subok na sa sustansya para sa ating katawan. Good luck po!






## PENRO CAVITE , NAGSAGAWA NG HANDOG TITULO PROGRAM SA MAGALLANES CAVITE

Tatlumpo't walong (38) pamilya mula sa Bayan ng Magallanes ay legal ng may-ari ng lupa matapos igawad ng DENR PENRO Cavite at Lokal na Pamahalaan ng Magallanes ang kanilang mga Original Certificate of Titles (OCTs) sa programang "Handog Titulo Alay sa Maligayang Magalleño" na ginanap sa Mu-nicipal Covered Court ng Magallanes nitong Agosto.

Ang nasabing handog titulo program ay pinangunahan ng DENR PENRO Cavite sa pamumuno ni PENR Officer Januel R. Peras kasama ang mga personnel mula sa Regulation and Permitting Section (RPS). Ito ay matagumpay na naisagawa sa tulong at suporta ng lokal na pamahalaan ng Magallanes na pinamumunuan ni Hon. Mayor Jasmin Angelli Maligaya-Bautista kasama ang mga kawani ng Assessor's Office.

Ang handog titulo pro-gram ay bahagi ng Commu-nication, Education and Pub-lic Awareness (CEPA) Cam-paign ng DENR na may pangunahing layunin na ilapit sa nakararami ang mga serbisyong pampubliko na ginagawa ng ahensiya, ito rin ay naglalayon na ipaalam sa publiko ang proseso at ang mga kinakailangang dokumento sa pagpapatitulo at iba pang kaugnay na aktibidad sa lupa.

"Nais ko pong ipahayag ang taos pusong pasasalamat sa lahat ng naki-isa sa ating programa, lalo't higit sa DENR PENRO Cavite sa patuloy ninyong pagmamalasakit sa bayan ng Magallanes" ani Mayor Jasmin Bautista –Maligaya.

Inilahad ni PENRO Peras na ang tungkulin at mandato ng DENR ay hindi lamang limitado sa pagtatanim at paghuli sa mga naninira at nang-aabuso sa kalikasan, bagkus binigyang diin din na isa sa mga pangunahing mandato ng ahensiya ay ang pagproseso ng titulo sa mga kalupaan na matagal ng sinasaka at pinagyayaman. "Makakaasa po kayo na hindi po kami magsasawang bumalik dito at alalayan po kayo patungkol sa pagpapatitulo" ani PENRO Peras.

Noong 2019, ang PENRO Cavite ay nakapag handog ng 15 titulo ng lupa sa mga pamilyang nakatira sa bayan ng Magallanes. Sa taon ding iyon napagtibay ang kasunduan ng DENR at Lokal na Pamahalaan ng Magallanes na ipatupad ang Rapid Land Tenure Ap-praisal (RLTA) program na naglalayong mapabilis ang iba't ibang transaksyon sa pagpapatitulo ng lupa sa buong bayan ng Magallanes. ###







**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.












PAHAYAGAN NG Kabitenyo

In God We Trust

ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.

Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

Email: pahayagancavite@gmail.com

Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# Unvaxxed students, teachers can now attend F2F classes: CHED

MANILA – Vaccination status against Covid-19 will no longer be made as a basis for students, teachers and non-teaching personnel attending in-person classes in Higher Education Institutions (HEIs), the Commission on Higher Education announced Monday.

In a virtual press conference, CHED chairperson J. Prospero de Vera III said this significant change of policy was based on several considerations.

"We're allowing vaccinated and unvaccinated students and faculty members, and employees to now go face-to-face classes, or to report back to work. That is the revised policy as of today," he said.

Considerations include high vaccination coverage in HEIs, lowered risk classification in the country, and other parameters, which he said must be clearly "explained" by all HEIs.

"We are changing it because vaccination levels are already high in the higher education institutions, the percentage of at-risk individuals is significantly lower now, and therefore easier to control on the part of our HEIs, and just like in other countries… we have already learned about how other countries have been doing it and applying it, and of course the views of our health experts that those who are at risk do not tend to be the higher education age group," he said.



*REGARDLESS OF VAX STATUS. Commission on Higher Education chairperson J. Prospero de Vera III announces a new policy allowing the unvaccinated to attend face-to-face classes during a virtual briefing on Monday (Aug. 29, 2022). The new policy covers students, teachers and non-teaching personnel. (Screengrab)*

Last week, the Public Attorney's Office called on CHED to review its policy and issue a similar policy with the Department of Education, emphasizing a non-discriminatory setup for all learners, regardless of vaccination status, for face-to-face learning.

The CHED also said they are giving discretion to HEIs, particularly in deciding on the health protocols such as securing temperature checks and declaration forms.

Special Adviser to CHED chairman Dr. Joselito Villaruz commended the commission's decision that, he said, opened "exciting times" for students.

"I just like to commend the Commission for this breakthrough development in terms of policy, and I would just like to remind the schools to probably observe vigilance on the gradual return of students to face-to-face whether vaccinated or unvaccinated as this will provide us with a better way in delivering instruction to our students," he said.

Special Adviser to CHED chairman Dr. Anna Ong-Lim, however, said students and other personnel must carefully observe isolation if several symptoms are experienced to avoid further transmission.

"Siguro 'yung ating old paradigm na pursigido talaga tayong pumasok kahit ano pang nararamdaman natin, hindi na po yan pwede ngayon, dahil pinag-iingatan natin ang sarili natin, pati na rin ang mga kasama sa ating mga paaralan (Maybe the old paradigm of being dedicated to go to school despite feeling unwell can no longer be insisted nowadays, because we are taking care of ourselves and others, even our fellows in school)," she said.

Ong-Lim also underscored the need to be vaccinated, even though the new policy poses no requisition on vaccination status.

"The risk is actually higher for the unvaccinated than those who are vaccinated. So we want to remind everybody that vaccines provide the best protection or provide a good layer of protection together with everything else that we practice," she said.

De Vera said vaccination in HEIs remains high both for teaching personnel and students.

"In higher ed, we have a very high vaccination rate, as high as 90 percent for HEI personnel, and close to 80 percent or about 77 percent for our students. This is a result of a school-based vaccination program that started around September of 2020," De Vera said.

Among students, around 3,145,883 were inoculated and 946,345 remain unvaccinated. (PNA)

## BIR, SINAMPAHAN NG P18-M TAX EVASION CASE ANG ISANG KUMPANYA SA CAVITE

Nagsampa ng tax evasion case ang Bureau of Internal Revenue (BIR) laban sa isang general merchandising store sa Cavite dahil sa umano'y hindi pa nababayarang mga utang sa buwis na aabot sa P18 milyon.

Sa pormal na reklamong kriminal na isinumite sa Department of Justice, kinilala ni BIR Deputy Commissioner for Legal Group Marissa O. Cabreros ang respondent bilang Newlintay Trading Corporation ng Trece Martires City. Kasama rin sa charge sheet ang presidente ng kumpanya na kinilalang si Stanley P. Go.

Ang wholesale at retail firm ay kinasuhan sa umano'y pagtanggi na bayaran ang mga utang sa buwis noong 2017 na nagkakahalaga ng P18 milyon.

Batay sa talaan ng BIR, hindi pinansin ng kumpanya ang mga abiso upang ayusin ang kanilang mga account.




"The respondents' continued refusal to pay the long overdue deficiency taxes constitute

Ito na ang ikatlong tax evasion case na inihain ng BIR sa ilalim ng administrasyon ni Commissioner Lilia Catris Guillermo.

## GUHIT NG KAPALARAN

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Meron good news tungkol sa iyong legal issues. Disiplina sa sarili ang pairalin para matamo ang hangaring makaipon. Tantanan muna ang paglalamyerda para makaiwas sa biglaang gastusan. Lucky number at color for the day ang 12, 45, 54, 26 at grape violet.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Successful ang araw sa pagdaragdag ng mga social connection, na pawang helpful people. Lucky numbers at color for the day ang 54, 28, 31, 19 at flame red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Iwasan ang hidwaan sa mga kasama. Ang cultural event ang magbubukas ng bagong opportunity sa'yo. Lucky number at color for the day ang 17, 12, 55, 29 at yellow.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Ang iyong clarity sa pag-iisip ang daan sa tagumpay. Magsisimula ka ngayon bagong pro-ject. Marami pa susunod. Lucky numbers at color for the day ang 12, 29, 52, 41 at gold.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang iyong extra energy ay magagamit para matamo ang tagumpay. Tuparin ang iyong tra-vel goals. Lucky numbers at color for the day ang 29, 22, 53, 45 at baby pink.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Kailangan ng tact at diplomacy sa pag-deal ng mga sasalungat sa iyo. Iwasan ang arguments. Lucky number at color for the day ang 23, 33, 51, 37 at topaz yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Magkakaroon ng major happening sa iyong career. Maging alert sa mga surprise changes. Masigla ang iyong financial status. Lucky number at color for the day ang 7, 12, 39, 59 at red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Ang naisip mong mga paraan sa pag-improve ng buhay, ang mga planong paglalakbay ay matutupad ngayon. Lucky number at color for the day ang 59, 32, 45, 23 at kiwi green.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Aakit ng masaganang suwerte ang iyong charm. Ang iyong personal touch ang magpapasigla sa negosyo. Lucky number at color for the day ang 35, 53, 14, 31 at french blue.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) 'Di inaasahan ang pagbabago sa sche-dule. May personal issue na kailangan i-deal. Lucky number at color for the day ang 13, 16, 41, 45 at violet.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 2ice 2) Merong kasunduan na gagawin. Magtatagumpay ang teamwork. Maaabot ang mga pangarap. Lucky number at color for the day ang 51, 23, 53, 45 at cerulean blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Ang date ninyo ng childhood sweetheart ay mangyari sa mall. Magkaroon kayo na renewal of romance. Lucky number at color for the day ang 37, 11, 41, 52 at mango orange.

ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 27 AUGUST 29 - SEPTEMBER 4, 2022 10.00

# TRABAHO, TURISMO, ASENSO!

## Philippine Tourism Job Fair




The Department of Tourism (DOT) will officially forge a partnership with the Department of Labor and Employment (DOLE) through a signing of a Memorandum of Understanding (MOU) for the tourism job fair program entitled "Trabaho, Turismo, Asenso! Philippine Tourism Job Fair" on August 30 to provide the much needed push in the revitalization of the tourism industry's manpower needs derailed by the pandemic.

Aimed primarily at providing a bridge and impetus for employment opportunities in the tourism sector, we will be signing the MOU with Labor Secretary Bienvenido Laguesma.

We are prioritizing the provision of employment opportunities in the tourism and hospitality sector in response to the severe losses in income and livelihood due to the pandemic, and the present shortage of workforce in the tourism industry. The Trabaho, Turismo, Asenso Job Fairs will help our fellow Filipinos find jobs while helping the accommodation and services sector address workforce shortages, resulting in the continued recovery of the tourism industry as a whole.

The Trabaho, Turismo, Asenso! Philippine Tourism Job Fair will be launched during the Hotels Supplier Show on September 22 to 24 at the SMX Convention Center Manila, Mall of Asia Complex. The job fair will be a multi-month campaign and will conclude in May 2023 to coincide with the 50th Founding Anniversary of the DOT. Global-Link MP, the organizer of the Hotels Supplier Show, offered 50 free booths for the job fair program. Among the other initial job fair locations include Metro Manila, Cebu, and Davao.

Aside from employment opportunities within the country, overseas hospitality career opportunities will be made available to Filipinos in a separare job fair in coordination with the Departmemt of Migrant Workers and DOLE. This, after

Thailand's Minister of Tourism and Sports (MOTS) Phiphat Ratchakitprakarn sought Secretary Frasco's assistance for possible tourism employment opportunities for Filipinos in Thailand. This developed during our bilateral meeting on the sidelines of the recently concluded APEC Tourism Ministerial Meeting in Bangkok.

The Department of Tourism (DOT) will officially forge a partnership with the Department of Labor and Employment (DOLE) through a signing of a Memorandum of Understanding (MOU) for the tourism job fair program entitled "Trabaho, Turismo, Asenso! Philippine Tourism Job Fair" on August 30 to provide the much needed push in the revitalization of the tourism industry's manpower needs derailed by the pandemic.

Aimed primarily at providing a bridge and impetus for employment opportunities in the tourism sector, we will be signing the MOU with Labor Secretary Bienvenido Laguesma.

We are prioritizing the provision of employment opportunities in the tourism and hospitality sector in response to the severe losses in income and livelihood due to the pandemic, and the present shortage of workforce in the tourism industry. The Trabaho, Turismo, Asenso Job Fairs will help our fellow Filipinos find jobs while helping the accommodation and services sector address workforce shortages, resulting in the continued recovery of the tourism industry as a whole.

The Trabaho, Turismo, Asenso! Philippine Tourism Job Fair will be launched during the Hotels Supplier Show on September 22 to 24 at the SMX Convention Center Manila, Mall of Asia Complex. The job fair will be a multi-month campaign and will conclude in May 2023 to coincide with the 50th Founding Anniversary of the DOT.

Global-Link MP, the organizer of the Hotels Supplier Show, offered 50 free booths for the job fair program. Among the other initial job fair locations include Metro Manila, Cebu, and Davao.

Aside from employment opportunities within the country, overseas hospitality career opportunities will be made available to Filipinos in a separare job fair in coordination with the Departmemt of Migrant Workers and DOLE. This, after Thailand's Minister of Tourism and Sports (MOTS) Phiphat Ratchakitprakarn sought Secretary Frasco's assistance for possible tourism employment opportunities for Filipinos in Thailand. This developed during our bilateral meeting on the sidelines of the recently concluded APEC Tourism Ministerial Meeting in Bangkok.

# Raffy Tulfo bats for proper wages for workers as mandated by law



MANILA – Senator Raffy Tulfo on Monday urged the government to lead by example in complying with labor standards so as to encourage private companies to give proper wages as mandated by law.

Tulfo said the government must push for decent wages for their workers, especially to street sweepers and traffic aides, who are still being paid below the industry rate.

"It is important to lead by example. Kung ang gobyerno ay hindi nagbibigay ng tamang sahod sa mga empleyado (If the government will not give proper wages to employees), how can we expect private companies to comply with labor standards and properly compensate their employees," Tulfo said.

By doing so, he said private companies no matter how big or small, will follow the law and at the same time will end wage abuses.

Under Local Budget Circular (LBC) No. 143 (s. 2022), the salary of street sweepers and traffic aides is dependent on the income classification of local government units (LGUs).

Street sweepers, as indicated in the LBC, can earn a maximum of PHP14,993 a month to as low as PHP8,648, which is equivalent to an estimate of PHP376 a day. Traffic aides, on the other hand, can earn a maximum of PHP17,899 a month to as low as PHP9,181.00 or PHP399 a day.

"If the government is serious in protecting workers' rights and fighting against unjust labor practices, it must start by ensuring that people working for the government are earning decent salary," the senator said.

Street sweepers and traffic aides are considered the country's front-liners, especially at the height of the coronavirus disease 2019 (Covid-19) pandemic wherein they continued reporting to work despite the dangers brought about by the global health crisis.

He said that a number of street sweepers and traffic aides are still getting wages below salary standard depending on the financial capacity of the LGUs, and if the LGU is low on income classification, the wages are also low. (PNA)

**Imuseño,** pinarangalan bilang Most Outstanding Public Librarian

Pinarangalan si Ms. Rosena V. Roman, Imus City Librarian, bilang Most Outstanding Public Librarian sa katatapos lamang na 2022 Gawad Parangal ng National Library at The Asia Foundation.

Bukod kay Ms. Roman, binigyang pagkilala rin ang naging pagsuporta ni Mayor Alex "AA" L. Advincula sa kanyang naging pagsuporta sa mga programa at proyekto ng city library. Source/Photos: City Government of Imus

